




Republic of the Philippines  
Department of Education

 Grades 1 to 12 Daily Lesson Log	School		Grade Level	III	
	Teacher	Credits belong to Mam Arian P. de Guzman	Learning Area	MATH	
	Teaching Dates	Week 4	Quarter	4 <sup>th</sup>	
<b>DAY</b>	<b>MONDAY</b>	<b>TUESDAY</b>	<b>WEDNESDAY</b>	<b>THURSDAY</b>	<b>FRIDAY</b>
<b>I. LAYUNIN</b>					
<b>A. Pamantayang Pangnilalaman</b>	The learner demonstrates understanding of conversion of time, linear, mass and capacity measures and area of square and rectangle				
<b>B. Pamantayan sa Pagganap</b>	The learner is able to apply knowledge of conversion of time, linear, mass and capacity measures and area of rectangle and square in mathematical problems and real life situations.				
<b>C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto</b>	Solves routine and non-routine problems involving capacity measure (M3ME - IVc - 40)				Learners answer the assessment with 80% accuracy.
<b>II. Nilalaman</b>	<b>Paglutas ng Suliraning Routine at Non-routine na Ginagamitan ng Pagsukat ng Capacity (Capacity Measure)</b>				
<b>III. KAGAMITANG PANTURO</b>					
<b>A. Sanggunian</b>					
<b>1. Mga Pahina sa Gabay ng Guro</b>					
<b>2. Mga Pahina sa Kagamitang Pang-mag-aaral</b>					



<b>3. Mga Pahina sa Teksbuk</b>					
<b>4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng Learning Resource</b>	Modyul 4	Modyul 4			
<b>B. Iba pang Kagamitang Panturo</b>		Larawan at tsart			Worksheets
<b>IV. PAMAMARAAN</b>					
<b>A. Balik-aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin.</b>	Sa nakaraang aralin ay natutuhan mo ang paglutas ng mga suliranin na ginagamitan ng karaniwang yunit ng panukat. Ngayon ay malalaman mo kung paano ang paglutas ng mga suliranin na ginagamitan ng pagsukat ng capacity (capacity measure).	Magbalik-aral sa nakaraang aralin.	Magbalik-aral sa nakaraang aralin.	Magbalik-aral sa nakaraang aralin.	Basahin at sagutin ang sumusunod na suliranin. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel. 1. Ano ang karaniwang yunit ng panukat ng dami o laman? a. Metro at Sentimetro b. Milya at kilometro c. Litro at mililitro d. Kilo at gramo 2. Kung ang 1 litro ay katumbas ng 1000 mililitro, ilang mililitro ang katumbas ng 3 litro? a. 3000L b. 3000mL c. 1L d. 1000mL 3. Nakagagamit ako ng 25 L na tubig sa pagliligo at 65 L sa pagdidilig ng halaman. Ilang mililitro ang matitira sa tangke kung ito ay may 150L na tubig? a. 6L b. 60 000mL c. 60L c. 6000mL 4. Inutusan ka ng nanay mo na bumili ng 3 litrong gatas sa isang grocery store. Gatas na 500 mL na nasa bote lamang ang mabibili sa tindahan. Ilang bote ng gatas ang
<b>b. Pagganyak o Paghahabi sa layunin ng aralin/Motivation</b>	Basahin. Nakaugalian na magkapatid na Christian at Richard na mag-jogging sa malawak na parang tuwing umaga. Araw ng Sabado, sina Christian at Richard ay gumising nang maaga, pumunta sila sa parang at nag-jogging. Nakaikot sila ng anim na beses bago umuwi ng kanilang bahay. Nang sila ay dumating, naubos nila ang 3 litro ng tubig dahil sa sobrang uhaw. Ilang mililitro ng tubig ang naubos ng magkapatid? Sino-sino ang nag-jogging?				



	<p>Ano ang kanilang ginawa pagdating ng bahay, pagkatapos mag-jogging? Ilang litro ng tubig ang kanilang nainom? Bakit kailangan nating uminom ng ganoon karaming tubig? Ano ang mangyayari sa atin kung hindi tayo iinom ng tamang dami ng tubig?</p>				<p>bibilhin mo? a. 4 b. 5 c. 6 d. 7 5. Ilipat ang 5000mL sa litro. a. 5L b. 5mL c. 50L d. 500L</p>
<p><b>C. Paglalahad o Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin.</b></p>	<p>Maaari nating isalin ang yunit ng capacity ng litro sa mililitro, at mililitro sa litro. Tingnan ang talahanayan na nagpapakita ng kaugnayan ng litro at mililitro. Halimbawa. Sina Christian at Richard ay umiinom ng 3 litro ng tubig araw-araw. Ilang mililitro ang katumbas nito? Sa suliraning ito, kailangang baguhin ang yunit ng capacity mula sa malaking yunit (3 litro) papunta sa maliit na yunit (mL).</p>				
<p><b>D. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1</b></p>	<p>Sa pagsasalin mula sa maliit na yunit (mL) papunta sa malaking yunit (L), i-divide sa 1000 Halimbawa: Sina Christian at Richard ay umiinom ng 3000 mililitrong tubig araw-araw. Ilang litro ang katumbas nito? Sa suliraning ito, kailangang baguhin ang yunit ng capacity</p>				



	mula sa maliit na yunit (3000 mililitro) papunta sa malaking yunit (L).											
<b>E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2</b>		<p>Lutasin ang sumusunod na suliranin gamit ang ilustrasyon.</p> <table border="1"> <thead> <tr> <th>Suliraning Routine</th> <th>Suliraning Non-routine</th> </tr> </thead> <tbody> <tr> <td>Ang timba ay naglalaman ng 5 litro ng tubig? Ilang mililitro ang maaaring maging laman ng timba?</td> <td>Kahapon umulan nang malakas. Naglagay ang magkakapatid na sina Grace at Jared ng timba sa labas upang makaipon ng tubig-ulan. Nang</td> </tr> <tr> <td></td> <td>tumigil ang ulan, ang timba ni Jared ay napuno ng 4L tubig-ulan samantalang ang timba naman ni Grace ay may 3000mL tubig ulan. Ilang litrong tubig ang naipon nila?</td> </tr> <tr> <td>Sagot:</td> <td>Sagot:</td> </tr> </tbody> </table>	Suliraning Routine	Suliraning Non-routine	Ang timba ay naglalaman ng 5 litro ng tubig? Ilang mililitro ang maaaring maging laman ng timba?	Kahapon umulan nang malakas. Naglagay ang magkakapatid na sina Grace at Jared ng timba sa labas upang makaipon ng tubig-ulan. Nang		tumigil ang ulan, ang timba ni Jared ay napuno ng 4L tubig-ulan samantalang ang timba naman ni Grace ay may 3000mL tubig ulan. Ilang litrong tubig ang naipon nila?	Sagot:	Sagot:		
Suliraning Routine	Suliraning Non-routine											
Ang timba ay naglalaman ng 5 litro ng tubig? Ilang mililitro ang maaaring maging laman ng timba?	Kahapon umulan nang malakas. Naglagay ang magkakapatid na sina Grace at Jared ng timba sa labas upang makaipon ng tubig-ulan. Nang											
	tumigil ang ulan, ang timba ni Jared ay napuno ng 4L tubig-ulan samantalang ang timba naman ni Grace ay may 3000mL tubig ulan. Ilang litrong tubig ang naipon nila?											
Sagot:	Sagot:											
<b>F. Paglinang sa Kabihasaan tungo sa Formative Assessment (Independent Practice)</b>	<p>Gamitin ang talahanayan sa paglutas ng sumusunod na mga suliranin.</p> <table border="1"> <thead> <tr> <th>Suliraning Routine</th> <th>Suliraning Non-routine</th> </tr> </thead> <tbody> <tr> <td>Ang isang galon ay naglalaman ng 4000 mL ng alcohol. Ilang litro ng alcohol ang laman ng galon?</td> <td>Ang magkakapatid ay inutusan ng kanilang ina na sumalak o umigil ng tubig. Si Justin ay nakaigib ng 5 litrong tubig, si Josh naman ay 4000 mililitro, at si Jeff ay 4 na litro. Sino ang may pinakamaraming naigib na tubig? Sino naman ay may pinakakaunti?</td> </tr> <tr> <td>Sagot:</td> <td>Sagot:</td> </tr> </tbody> </table>	Suliraning Routine	Suliraning Non-routine	Ang isang galon ay naglalaman ng 4000 mL ng alcohol. Ilang litro ng alcohol ang laman ng galon?	Ang magkakapatid ay inutusan ng kanilang ina na sumalak o umigil ng tubig. Si Justin ay nakaigib ng 5 litrong tubig, si Josh naman ay 4000 mililitro, at si Jeff ay 4 na litro. Sino ang may pinakamaraming naigib na tubig? Sino naman ay may pinakakaunti?	Sagot:	Sagot:	<p>Lutasin ang sumusunod na mga suliranin gamit ang paraan na gusto mo upang makuha ang tamang sagot. Gawin ito sa iyong sagutang papel. 1. Nilagyan ni Charles ng 15 litro ng tubig ang timba. Ilang mililitro ng tubig ang nilagay niya sa timba? 2. Umiinom si Bella ng 250 mL na baso ng gatas araw-araw. Ilang litro ng gatas ang nauubos nya sa loob ng 10 araw? 3. Bumili si Rhea ng 12 lata ng 250 mL pineapple juice. Ilang litro ng pineapple juice ang kanyang binili?</p>				
Suliraning Routine	Suliraning Non-routine											
Ang isang galon ay naglalaman ng 4000 mL ng alcohol. Ilang litro ng alcohol ang laman ng galon?	Ang magkakapatid ay inutusan ng kanilang ina na sumalak o umigil ng tubig. Si Justin ay nakaigib ng 5 litrong tubig, si Josh naman ay 4000 mililitro, at si Jeff ay 4 na litro. Sino ang may pinakamaraming naigib na tubig? Sino naman ay may pinakakaunti?											
Sagot:	Sagot:											
<b>G. Paglalapat ng Aralin sa pang-araw-araw na buhay</b>			<p>Basahin at lutasin ang suliranin. Ipakita ang solusyon sa sagutang papel. Sina Jade, Alfred, at Greg ay naatasan na magbantay sa</p>									



			<p>Refreshment Store noong nakaraang bakasyon. Ang bawat isa sa kanila ay nagdala ng iba't ibang uri ng juice na pambenta nila: buko, pinya at mangga na nakalagay sa 10L na sisidlan. Gumamit din sila ng 3 klase ng baso: regular na baso=150mL; medium na baso=200mL; at malaking baso = 350mL.</p> <p>1. Si Jade ay nakabenta ng apat na malaking baso at 10 medium na baso. Gaano karaming juice ang natira sa sisidlan?</p> <p>2. Sina Alfred at Greg naman ay nakabenta ng 20 regular na baso at 10 malaking baso mula sa kani-kanilang sisidlan. Gaano karaming juice ang naibenta ng bawat isa?</p> <p>3. Gaano karaming juice ang naibenta nila lahat-lahat? Gaano karami ang natira?</p>	
<p><b>H. Paglalahat ng Aralin</b> <b>Generalization</b></p>			<p>Ang litro (L) at ang mililitro (mL) ay mga pamantayang yunit sa pagsukat ng capacity. Mayroon 1000 mililitro (mL) sa 1litro (L): <math>1 L = 1000 mL</math> Sa pagsasalin ng malaking yunit ng capacity sa maliit na yunit, i-multiply ang litro sa 1000. Sa pagsasalin ng maliit na yunit ng capacity sa malaking yunit, i-divide ang mililitro sa 1000. Sa paglutas ng suliranin na ginagamitan ng pagsukat ng capacity, maaaring</p>	



			gamitin ang routine at non-routine na suliranin. Sa paglutas ng suliraning routine, kilalanin ang ibinigay na datos, ano ang hinihingi, at anong operasyon ang dapat gamitin. Sa paglutas ng suliraning non-routine, maaaring iguhit at gumawa ng pattern. Kailangan magdagdag, magbawas, magparami or maghati-hati batay sa ibinigay na suliranin.	
<b>I. Pagtataya ng Aralin Evaluation/Assessment</b>				<p>Lutasin ang mga suliranin. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.</p> <p>1. Isalin ang 4.5 litro sa mililitro.</p> <p>a. 4 500L b. 4 000mL c. 4 000L d. 4 500mL</p> <p>2. Ilang mililitro ng kalamansi juice mayroon sa 2.5 litro ng kalamansi juice?</p> <p>a. 2 000mL b. 2 550mL c. 2 500mL d. 2 555mL</p> <p>3. Ang timba ng tubig ay kayang maglaman ng 10 litro ng tubig. Si Jacob ay inutusan ng kanyang ina na punuan ang dram ng 10 000 litro. Ilang timba ng tubig ang kailangan ni Jacob upang mapuno ang lalagyan?</p> <p>a. 500 timba b. 900 timba</p>



				<p>c. 1 000 timba  d. 100 timba  4. Kung ang 0.5 litro = 500 mililitro, isalin ang 3 500 mililitro sa litro.  a. 3.5L  b. 3.55L  c. 3L  d. 3.33L  5. Kung ang baso ng tubig ay naglalaman ng 350 mililitro ng tubig, Ano ang kabuoang dami ng tubig ang iyong iinumang kung ikaw ay kailangang uminom ng walong baso ng tubig?  a. 1 750mL  b. 2 100mL  c. 2 450mL  d. 2 800mL</p>	
<b>J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at remediation</b>					
<b>V. MGA TALA</b>					
<b>VI. Pagninilay</b>					
<b>A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya</b>					
<b>B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation</b>					
<b>C. Nakatulong ba ang</b>					



<b>remedial? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin</b>					
<b>D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation.</b>					
<b>E. Alin sa mga istratohiyang pagtuturo nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?</b>					
<b>F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punongguro at superbisor?</b>					
<b>G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?</b>					

Prepared by: **ARIAN P. DE GUZMAN**  
*Grade 3 Adviser*

Checked by:  
*Master Teacher I*

Noted:  
*School Head/Head Teacher III*

